



## *Buong Teksto*

### ANG KUWENTO NI IMUTHIS

Inimbitahan ni Simoun sina Padre Salví, Padre Irene, Padre Camorra, Ben-zayb, at Don Custodio sa isang palabas sa Perya sa Quiapo. Pumasok sila sa napakadilim na bulwagang naiilawan lamang ng mga lumang lampara. Kaharap nila ngayon si Mr. Leeds, ang Amerikanong may-hawak sa palabas at sa kaha o kahong pinakasentro nito. Umaasa ang ilang manonood na isang magandang kasinungalingan lang ang kanilang matutunghayan. Umupo ka ngayon kasama nila at suriin kung kasinungalingan nga o katotohanan...Ang Kuwento ni Imuthis!

“Ang kahang ito, señoras y señores,” patuloy ng Amerikano, “ay naglalaman ng isang dakot ng abo at isang pirasong papiro kung saan may ilang

nakasulat na salita. Pagmasadan po ninyo, pero nakikiusap akong HUWAG kayong hihinga nang malakas dahil kung mahipan ang parte ng abo, magiging deformado ang mukha ng aking espinghe.

Ang kalokohang isinalaysay nang buong kaseryosohan at paninindigan ay unti-unti nang tumatalab, kaya nang pagpasa-pasahan nila ang kaha’y walang nangangahas na huminga.

“Dahil hindi ko alam ang gagawin,” patuloy ni Mr. Leeds na maingat na isinara ang kaha, “kinilatis ko ang papiro at nakita ang dalawang salitang nakasulat sa hieroglipiko. Inalam ko ang bigkas ng mga ito at hindi ko pa natatapos sambitin ang una nang madama kong dumulas ang kaha mula sa aking pagkakahawak, gumulong-gulong sa sahi, at hindi ko na mabuhay. Ngunit ang gulat ko’y naging pagkasindak, nang buksan ko ang kahon at matagpuan ang isang ulo ng taong nakatitig sa akin nang di kumukurap. Sandali akong naparalisa ng aking harap ng ganoong pangyayari at nanginig akong tila nalason ng merkuryo. Nang mahimasmasan, naisip kong guniguni lamang ito, at inalaw ko ang sarili sa pagbigkas sa ikalawang salita. Pagkasambit ko rito, sumara ang kaha, naglaho ang ulo, at wala akong natagpuan sa loob kundi abo lamang. Di ko namalayang nadeskubre ko na pala ang dalawang pinakamakapangyarihang salita sa santinakpan, ang mga salita ng paglikha at pagwasak, NG BUHAY AT KAMATAYAN!”

Sandali siyang huminto upang tingnan ang bisa ng kaniyang kuwento. Pagkatapos, humakbang siya nang mabagal at maingat tungo sa mesa, kung saan niya inilapag ang kaha.

“Señoras y señores: sa pamamagitan ng isang salita bubuhayin ko ngayon itong sandakot ng abo, at makakausap ninyo ang isang nilalang na nakaaalam sa nakaraan, sa kasalukuyan, at marami sa mga mangyayari sa hinaharap!

“DEREMOF!”

Gumalaw ang mga kurtina ng bulwagan, lumamlam ang liwanag ng mga lampara, umingit ang mesa.

Saka kusang bumukas ang kaha, at itinanghal sa madla ang isang ulong mukhang bangkay, na mahaba, makapal, at maitim ang buhok. Dumilat ito nang mabagal at pinagala ang mga mata sa mga nanonood sa kaniya.

“Espinghe,” sabi si Mr. Leeds, “sabihin mo sa mga narito kung sino ka!”

Malalim ang katahimikan. Umihip sa sala ang malamig na hangin, na siya ring nagpaandap sa mga azul na ningas ng lampara. Kahit ang mga nagdududa’y kinilabutan.

“Ako si Imuthis,” sagot ng ulo sa boses na tila mula sa libingan ngunit tila nagbabanta. “Ipinanganak ako noong panahon ni Amasis at namatay nang nasasailalim na sa mga Persyano, samantalang umuwi si Cambyses mula sa kaniyang nabigong ekspedisyong papasok ng Libya. Nakumpleto ko ang aking edukasyon matapos bumiyaha sa Gresya, Asiria, at Persia at umuwi na upang manatili sa aking bayan hanggang tawagin ako ni Thoth sa kaniyang teribleng tribunal. Higit pa, sa kasiraan ko, habang dumaraan sa Babilonia’y nadeskubre ko ang isang teribleng sekreto, ang sekreto ng huwad na Smerdis na inagaw ang trono, ang mahikerong Gaumata na namuno bilang impostor. Sa takot niyang ibunyag ko siya kay Cambyses, binalak niya akong pabagsakin sa pamamagitan ng mga paring Ehipsiyo. Sila ang namumuno sa aking bayan, at nagmamay-ari ng dalawang katlo ng lupain, hawak nila ang edukasyon kaya pinanatili nilang mangmang at takot ang taumbayan, para mawalan na ng pakialam ang mga ito sa pang-aabuso sa kanila. Dahil malaki ang silbi nila, pinrotektahan sila at pinayaman ng mga manlulupig, na sa huli’y naging alipin na ng mga ito. Para matupad ang kanilang balak, ginamit nila ang isang batang pari ng Abdyos na papasang santo!...”

“At ano ang planong ginawa ng mga pari upang pabagsakin ka?” tanong ni Mr. Leeds.

Umungol nang napakalungkot ang ulo na tila mula sa kaibuturan ng puso, at nakita nila ang mga kaniyang mata, ang nag-aapoy niyang mga mata, na napuno ng luha.

“AAAAYYYY!!!!” sabi niya nanginginig sa sakit, “minahal ko ang isang dalaga, anak ng isang pari, dalisay tulad ng liwanag, tulad ng lotus na kabubukadkad pa lamang. Pinagnasaan din ng pari ng Abydos ang dalaga at nagplano ng rebelyon, gamit ang pangalan ko at ilang pirasong papiro na nakuha niya sa aking mahal. Sumabog ang rebelyon kasabay ng bigong pag-uwi ni Cambyses. Hinatulan akong rebelde, ikinulong, at bagaman nakatakas, tinugis nila ako hanggang at pinatay sa Lawa ng Moeris. Mula sa eternidad ay nasaksihan ko ang tagumpay ng pari ng Abdyos, at kung paano niya ginagambala araw at gabi ang birheng nagkulong sa templo ng Isis sa isla ng Philae...Tinugis niya ang dalaga hanggang sa mga lugar sa ilalim ng lupa, at binaliw ito sa takot at pagdurusa, tulad ng higanteng paniking humahabol sa puting kalapati.... AH! Pari ng Abdyos! Nabuhay akong muli upang ibunyag ang iyong kahihyan, at pagkatapos ng napakaraming taon ng pananahimik tinatawag kitang mamamatay-tao, demonyo, MANINIRANG-PURI!”

“No! Hindi! Patawad!” sabi ni Padre Salví.

“Sinungaling, mamamatay-tao, demonyo!” patuloy ng ulo. “Mamamatay-tao, mamamatay-tao, MAMAMATAY-TAO!”

“PATAWAD! BUHAY PA SIYA! Buhay pa siya...”

\*\*\*

*Pinagkubanan: Ika-labing walong kabanta ng El Filibusterismo. Mula sa orihinal na bersyong Espanyol na inilimbag noong 1891 at ang Reign of Greed na isinalin ni Charles Derbyshire noong 1912 - beto ang pinaikling salin sa Filipino ni Paolo Ven B. Paculan*

## Mga Kasalukuyang Kwento sa Serye

### *Sa Ingles*

The Monkey and the Turtle  
Sun and Moon  
Sagacious Marcela  
The Story of our Fingers  
Why the Cow's Skin is Loose on the Neck  
The Lost Necklace  
Why Cocks have Combs on their Head  
The Light of The Fly  
The Snail and The Deer  
Why Dogs Wag Their Tails

### *Mga Kuwentong Pampasko:*

The Poor Man who Became King  
The Sultan with a Heart of Stone  
Buking si Santa  
Istatriray: Ang Bituing may Buntot  
Alamat ng Puto-Bumbong  
Felice, Noel, and the Christmas Day Disaster

### *Sa Filipino*

Ang Pagong at ang Matsing  
Ang mga Paglalakbay ni Juan  
Ang Pinagmulan ng Daigdig (Si Malakas at si Maganda)  
Ang Unang Unggoy  
Ang Alamat ng Palay  
Ang Pinagmulan ng Lamok  
Kung Paano Yumaman si Jackyo  
Ang Anting-anting ni Manuelito  
Ang Gamugamo at Ang Liwanag  
Kung Bakit Gusto ng Bagobo ang Pusa  
Apat na Alamat ng Ilog Pasig  
Ang Kuwento ni Imuthis

### *Adarna House:*

Bakit Matagal ang Sundo ko?  
Why is Mommy Late?  
Asul na Araw  
Blue Day  
Ano'ng Gupit Natin Ngayon?  
How would you like your haircut today?  
Sampung Magkakaibigan  
Ten Friends  
Ang Pambihirang Sombrero  
The Amazing Hat

*Ang Mga Kuwento ni Lola Basyang ni Severino Reyes  
(Anvil Publishing)*

Ang Pitong Tanga  
Rosamistica  
Ang Mahiwagang Biyulin  
Labindalawang Masayang Prinsesa  
Si Pandakotyong

*Tabanan Books:*

*Ang Babaeng Nahulog Mula sa Langit at Iba Pang  
Kuwentong-bayan*  
Pulo ng Digmaan: Alamat ng Pulo Apo  
*The Termite Queen and other Classic Philippine Earth  
Tales*  
Volcano of Love and Death

*Abangan ang iba pang kwento sa seryeng podcast na ito.*

## **PAGKILALA**

### **Areté**

Ma. Mercedes Rodrigo, PhD  
Ricardo Abad, PhD

*Executive Producers*

D Cortezano

*Producer*

John Robert Yam

*Overall Sound Designer*

Harold André Santos

*Theme Music Composer*

Francesco U. Amante

*Episode Sound Designer*

John Robert Yam  
Nilo Beriarmente

*Sound Engineers*

Ivy Baggao

*Talent Coordinator and Production  
Associate*

Jethro Nibaten  
Adriane Ungriano  
Rey Sotto  
Justine Ray Santos  
Ralph Joseph Adarlo  
Carlos Hombrebueno

*Sound Design and Technical Team*

Vannessa Reventar

*Logistical Support*

Ross Du

*Illustrator*

Arielle Acosta  
Lazir Caluya

*Brand Developers*

Dreamlist Digital

*Web developers*

### **Ateneo de Manila Basic Education**

Fr. Joaquin Jose Mari C. Sumpaico III SJ *Vice President for Basic Education*

### **Ateneo Grade School**

Jaime Jose G Nicdao, PhD *Finance Officer of the Office of the Vice President for Basic Education  
Director for Administration of the Grade School  
Officer-In-Charge, Headmaster*

Jervy M. Robles *Assistant Headmaster for Academic Affairs*

### **Ateneo Junior High School**

Jose Antonio P. Salvador *Principal*

Genalyn S. Sanvictores *Assistant Principal for Academic Affairs*

Jose L. Cuya *Monteserrat Cluster Coordinator*

Paolo Ven B. Paculan *Senior Teacher, Subject Area Coordinator, Filipino*

Kristine Ann P. Valdellon *Master Teacher, Subject Area Coordinator, English*

### **Ateneo Senior High School**

Ma. Victoria P. Dimalanta *Principal*

Luis Allan B. Melosantos *Assistant Principal for Academic Affairs*